



PATNUBAY SA MISA

20 Enero 2019


Kapistahan ng Panginoong Hesus, ang Banal na Sanggol

Taon K

ANG PAGTATAGUYOD NG PAMANA NG ATING PANANAMPALATAYA

Napakahaba ng pagdiriwang ng Pasko sa Pilipinas. Kapag nagsimula na ang Setyembre ay maririnig na ang pagpapatugtog ng mga awiting pamasko. At isang Linggo pagkatapos ng Panahon ng Kapaskuhan (Kapistahan ng Pagbibinyag sa Panginoon) ay nagdiriwang pa rin tayo ng isang pistang may kaugnayan sa Pasko – ang Kapistahan ng Banal na Sanggol (Santo Niño).

Ito ay dahil sa kahalagahan ng diwa ng Santo Niño para sa ating bayan at sa ating kasaysayan. Sana'y maipagdiwang natin nang buong galak ang kapistahang ito upang maitaguyod ang pamana ng ating pananampalataya.



PASIMULA



Pambungad

(Ipahahayag lamang kung walang awiting nakahanda.)

Batang sa ati'y sumilang ay anak na ibinigay upang magharing lubusan, taglay ang dakilang ngalang Tagapayo ng Maykapal.

Pagbati

P–Ang pagpapala ng ating Panginoong Hesukristong isinilang para sa ating kaligtasan, ang pag-ibig ng Diyos Ama, at ang pakikipagkaisa ng Espiritu Santo ay sumainyong lahat!

B– At sumaiyo rin!

Pagsisisi

P–Nagsasaya tayo sa ating pagiging mga Kristiyano. Pagsisihan natin ang ating mga kakulangan bilang mga Pilipino sa pagsasabuhay ng ating pananampalataya. (Manahimik sandali.)

P–Para sa aming kawalan ng pananampalataya sa iyong pagpapahalaga sa mga katangian ng mga bata, Panginoon, kaawaan mo kami!

B –Panginoon, kaawaan mo kami!

P–Para sa aming kahinaan ng pag-asa sa iyong laging pagtulong sa amin lalo na sa mga oras ng kagipitan, Kristo kaawaan mo kami!

B –Kristo, kaawaan mo kami!

P–Para sa aming kakulangan ng pagmamahal at pasasalamat sa mga pinagkakautangan namin ng aming pananampalatayang Kristiyano, Panginoon, kaawaan mo kami!

B –Panginoon, kaawaan mo kami!

P–Kaawaan tayo ng makapangyarihang Diyos, patawarin tayo sa ating mga kasalanan, at dalhin tayo sa buhay na walang hanggan.

B –Amen!

Papuri

B –Papuri sa Diyos sa kaitaasan at sa lupa'y kapayapaan sa mga taong kinalulugdan niya. Pinupuri ka namin, dinarangal ka namin, sinasamba ka namin, ipinagbubunyi ka namin, pinasasalamatan ka namin dahil sa dakila mong

angking kapurihan. Panginoong Diyos, Hari ng langit, Diyos Amang makapangyarihan sa lahat.

Panginoong Hesukristo, Bugtong na Anak, Panginoong Diyos, Kordero ng Diyos, Anak ng Ama. Ikaw na nag-aalis ng mga kasalanan ng sanlibutan, maawa ka sa amin. Ikaw na nag-aalis ng mga kasalanan ng sanlibutan, tanggapin mo ang aming kahilingan. Ikaw na naluluklok sa kanan ng Ama, maawa ka sa amin. Sapagkat ikaw lamang ang banal, ikaw lamang ang Panginoon, ikaw lamang, O Hesukristo, ang Kataas-taasan, kasama ng Espiritu Santo sa kadakilaan ng Diyos Ama. Amen!

Panalangin Pambungad

P—Ama naming makapangyarihan, ang iyong Anak na Diyos na totoo ay naging sanggol noong siya ay naging tao namang totoo. Maging amin nawang panata ang pagsunod sa kanyang kapakumbabaan sa pagdiriwang namin sa kanyang pakikiisa sa mga nasa abang katayuan upang kami'y mapabilang sa iyong pinaghaharian sa pamamagitan niya kasama ng Espiritu Santo magpasawalang hanggan.

B—Amen!

PAGPAPAHAYAG NG SALITA NG DIYOS



Unang Pagbasa *Isa 9:1-6*
Ikinatutuwa ni Propeta Isaias ang mga biyayang dala ng bagong silang na Sanggol na Lalaki. Ang kanyang dala ay liwanag na tatalo sa dilim, tuwang lulupig sa lungkot, at pagwawagi sa lahat ng kanyang mga kaaway.

L—Pagpapahayag mula sa Aklat ni Propeta Isaias

Nakatanaw ng isang malaking liwanag ang bayang malaon nang nasa kadiliman, namanaag na ang liwanag sa mga taong namumuhay sa lupaing balot ng dilim. Iyong pinasigla ang kanilang pagdiriwang, dinagdagan mo ang kanilang tuwa. Tulad ng mga tao sa panahon ng anihan, tulad ng mga taong naghati ng nasamsam na kayamanan. Nilupig mo ang bansang umalipin sa iyong bayan tulad ng pagkalupig sa hukbo ng Madian. Binali mo ang panghambalos ng mga tagapag-

pahirap sa kanila. Sapagka't ang panyapak ng mga mandirigma, ang lahat ng kasuutang tigmak sa dugo ay susunugin. Sapagka't ipinanganak para sa atin ang isang sanggol na lalaki. Ibinigay ang isang anak sa atin at siya ang mamamahala sa atin. Siya ang Kahanga-hangang Tagapayo, ang Makapangyarihang Diyos, Walang hanggang Ama, ang Prinsipe ng Kapayapaan. Malawak na kapangyarihan at walang hanggang kapayapaan ang ipagkakaloob sa trono ni David at sa kanyang paghahari upang matatag ito at papanatilihin sa katarungan at katwiran ngayon at magpakailanman. Isasagawa ito ng Makapangyarihang Panginoon.

Ang Salita ng Diyos!

B—Salamat sa Diyos!

Salmong Tugunan *Awit 97*

B—Kahit saa'y namamalas, tagumpay ng Nagliligtas!

R. M. Velez



Ka-hit sa-a'y na-ma-ma-las, ta-



gumpay ng Nag-li-lig-tas!

* Umawit ng bagong awit at sa Poon ay ialay, pagka't yaong ginawa n'ya ay kahanga-hangang tunay! Sa sariling lakas niya at taglay na kabanalan, walang hirap na natamo yaong hangad na tagumpay. **B.**

* Ang tagumpay niyang ito'y siya na rin ang naghayag, sa harap ng mga bansa'y nahayag ang pagliligtas. Ang pangako sa Israel lubos niyang tinutupad. **B.**

* Tapat siya sa kanila at ang pag-ibig ay wagas. Ang tagumpay ng ating Diyos kahit saan ay namalas! Magkaingay na may galak, yaong lahat sa daigdig; ang Poon ay buong galak na purihin sa pag-awit! **B.**

* Sa saliw ng mga lira iparinig yaong tugtog, at ang Poon ay purihin ng tugtuging maalindog. Tugtugin din ang trompeta na kasaliw ang tambuli, magkaingay sa harapan ng Poon na ating hari. **B.**

Ikalawang Pagbasa *Ef 1:3-6*
15-18

Ang liham na ito ay nag-sasaya sa dakilang pagpapala ng Diyos. Nakatitiyak tayo sa pag-ibig ng Diyos sa atin. Hindi mapag-aalinlanganan ang pangangalaga sa atin ng Diyos sa pamamagitan ng kanyang Anak na isinilang para sa ating kaligtasan.

L—Pagpapahayag mula sa Sulat ni Apostol San Pablo sa mga taga-Efeso

Mga kapatid: Magpasalamat tayo sa Diyos at Ama ng ating Panginoong Hesukristo! Pinagkalooban niya tayo ng lahat ng pagpapalang espirituwal dahil sa ating pakikipag-isa kay Kristo. At sa ating ngang pakikipag-isang ito, hinirang na niya tayo bago pa nilikha ang sanlibutan upang maging banal at walang kapintasan sa harapan niya. Dahil sa pag-ibig ng Diyos, tayo'y kanyang itinalaga upang maging mga anak niya sa pamamagitan ni Hesukristo. Iyan ang kanyang layunin at kalooban. Purihin natin siya dahil sa kanyang kahanga-hangang pagkalinga sa atin sa pamamagitan ng kanyang minamahal na Anak!

Kaya nga, mula nang mabalitaan ko ang tungkol sa inyong pananalig sa Panginoong Hesus at ang inyong pag-ibig sa lahat ng hinirang, walang humpay ang pasasalamat ko sa Diyos para sa inyo. Inaalaala ko kayo sa aking pananalangin, at hinihiling sa Diyos ng ating Panginoong Hesukristo, ang dakilang Ama, na pagkalooban niya kayo ng espiritu ng karunungan at ng tunay na pagkakilala sa kanya. Nawa'y liwanagan ng Diyos ang inyong mga isip upang malaman ninyo ang ating inaasahan sa kanyang pagkatawag sa atin. Ito'y ang kaluwalhatiang inilaan niya sa kanyang mga hinirang.

Ang Salita ng Diyos!

B—Salamat sa Diyos!

Aleluya *Jn 1:14-12*

B—Aleluya! Aleluya!

Naging tao ang Salita, upang tanang maniwala ay kanyang gawing dakila.

Aleluya! Aleluya!

Mabuting Balita *Lu 2:41-52*

Ang ating sipi ng Ebanghelyo ay naglalahad ng katapusan ng mga pagtuturo hinggil sa kamusmusan ni Hesus. Ang pagkakatagpo kay Hesus sa Templo ng Jerusalem ay nagpapahayag

ng kanyang malinaw na isip tungkol sa tunay na mahalaga sa buhay. Dapat laging manaig ang kalooban ng Diyos.

P—Ang Mabuting Balita ng Panginoon ayon kay San Lucas

B—Papuri sa iyo, Panginoon!

Taun-taon, tuwing Pista ng Pasakuwa, ang mga magulang ni Hesus ay pumupunta sa Jerusalem. At nang labindalawang taon na siya, pumaroon sila gaya ng dati nilang ginagawa. Pagkatapos ng pista, sila'y umuwi na. Nagpaiwan si Hesus sa Jerusalem ngunit hindi ito napansin ng kanyang mga magulang. Sa pag-aakala ng isa na si Hesus ay kasama ng isa, nagpatuloy sila sa maghapon paglalakbay. Nang malaman nilang hindi siya kasama, siya'y hinanap nila sa kanilang mga kamag-anak at kakilala.

Hindi nila siya matagpuan, kaya't bumalik sila sa Jerusalem upang doon hanapin. At nang ikatlong araw, natagpuan nila si Hesus sa loob ng templo, nakaupong kasama ng mga guro. Nakikinig siya sa kanila at nagtatanong; at ang lahat ng nakarinig sa kanya ay namangha sa kanyang katalinuhan. Nagtaka rin ang kanyang mga magulang nang siya'y makita. Sinabi ng kanyang ina, "Anak, bakit naman ganyan ang ginawa mo sa amin? Balisang-balisa na kami ng iyong ama sa paghahanap sa iyo." Sumagot siya, "Bakit po ninyo ako hinahanap? Hindi ba ninyo alam na ako'y dapat na nasa bahay ng aking Ama?" Ngunit hindi nila naunawaan ang pananalitang ito.

Siya'y umuwing kasama nila sa Nazaret, at naging masunuring anak. Ang lahat ng bagay na ito ay iningatan ng kanyang ina sa kanyang puso. Patuloy na lumaki si Hesus. Umunlad ang kanyang karunungan at lalong kinalugdan ng Diyos at ng mga tao.

Ang Mabuting Balita ng Panginoon!

B—Pinupuri ka namin, Panginoong Hesukristo!

Homiliya

Sumasampalataya

B—Sumasampalataya ako sa Diyos Amang makapangyarihan sa lahat, na may gawa ng langit at lupa.

Sumasampalataya ako kay Hesukristo, iisang Anak ng Diyos, Panginoon nating lahat. Nagkawatang-tao siya lalang ng Espiritu Santo, ipinanganak ni Santa Ma-

riang Birhen. Pinagpakasakit ni Poncio Pilato, ipinako sa krus, namatay, inilibing. Nanaog sa kinaroroonan ng mga yumao. Nang may ikatlong araw nabuhay na mag-uli. Umakyat sa langit. Naluluklok sa kanan ng Diyos Amang makapangyarihan sa lahat. Doon magmumulang paririto at huhukom sa nangabubuhay at nangamatay na tao.

Sumasampalataya naman ako sa Diyos Espiritu Santo, sa banal na Simbahang Katolika, sa kasamahan ng mga banal, sa kapatawaran ng mga kasalanan, sa pagkabuhay na muli ng nangamatay na tao at sa buhay na walang hanggan. Amen!

Panalangin ng Bayan

P—Hangad nating lumago sa ating pananampalatayang Kristiyano upang tumatag ang ating bayang Pilipinas. Puno ng tiwala sa Amang nagsugo kay Hesus bilang ating Manunubos, ating sasambitin:

B—Ama ng Banal na Sanggol, dinggin Mo ang aming panalangin!

* Para sa mga namumuno sa Simbahan, upang mapagyaman nila ang pananampalatayang Kristiyanong minana natin sa ating mga ninuno, manalangin tayo sa Panginoon. **B.**

* Para sa lahat ng mga kabataan ng ating bayan, upang sa taong ito ng mga kabataan ay mapasakanila ang mga katangiang ipinahahayag ng Banal na Sanggol, manalangin tayo sa Panginoon. **B.**

* Para sa mga namumuno sa ating bansa, upang itaguyod nila nang buong sigasig ang makatutulong sa pagpapalaganap ng Kulturang Kristiyano sa ating bayan, manalangin tayo sa Panginoon. **B.**

* Para sa mga taong pinagkautangan natin ng ating pananampalatayang Kristiyano, upang gantimpalaan sila ng Poong Maykapal sa kabutihang kanilang ipinamana sa atin, manalangin tayo sa Panginoon. **B.**

* Para sa ating lahat na nagkakatipon sa pagdiriwang na ito ng Banal na Sanggol, upang tayo ay maging tunay na masigla sa

pag-aaral, pagsasabuhay, at pagpapalaganap ng pananampalatayang Kristiyano dito sa ating bayan at saanmang lugar kung saan tayo mapunta, manalangin tayo sa Panginoon. **B.**

* Tahimik nating ipanalangin ang ating mga sariling kahilingan. (*Tumigil sandali.*)

Manalangin tayo! **B.**

P—Ama naming mapagmahal, isinugo Mo sa amin ang Iyong Anak na isinilang para sa aming kaligtasan. Ihandog Mo sa amin ang dakilang regalo ng Espiritu Santo upang tumatag kami sa aming pananampalataya at maisabuhay ang mga itinuro ng Iyong Anak na si Hesukristong aming Panginoon.

B—Amen!



P—Manalangin kayo. . .

B—Tanggapin nawa ng Panginoon itong paghahain sa iyong mga kamay sa kapurihan niya at karangalan, sa ating kapakinabangan at sa buong Sambayanan niyang banal.

Panalangin ukol sa mga Alay

P—Ama naming Lumikha, sa pagdiriwang namin sa kapistahan ng Banal na Sanggol, paunlakan mo ang aming pagdulog upang ganapin ang kanyang paghahain at ang kinamtan niyang kapatawaran ay pakinabangan namin sa pamamagitan niya kasama ng Espiritu Santo magpasawalang hanggan.

B—Amen!

Prepasyo

P—Ama naming makapangyarihan, tunay ngang marapat na ikaw ay aming pasalamat na pamamagitan ni Hesukristo na aming Panginoon.

Ang Anak mong di na naiiba sa amin ay siyang pumawi sa dilim kaya ngayo'y ikaw ang aming nababanaagan. Ang Anak mong di naiiba sa iyo ay siyang iisang Salita mo. Sa katauhan niya ang iyong sarili'y aming nakikita. Sa pamamagitan niya ang iyong pag-ibig ay kahali-halina kahit ikaw ay lingid sa aming mata.

Kaya kaisa ng mga anghel na nagsisiawit ng papuri sa iyo nang walang humpay sa kalangitan, kami'y nagbubunyi sa iyong kadakilaan:

B– Santo, santo, santo . . .

Pagbubunyi

B– Aming ipinahahayag na namatay ang 'yong Anak, nabuhay bilang Mesiyas at magbabalik sa wakas para mahayag sa lahat.



B– Ama namin . . .

P– Hinihiling namin. . .

B– Sapagkat iyo ang kaharian at ang kapangyarihan at ang kapurihan magpakailanman! Amen!

Paanyaya sa Kapayapaan

Paghahati-hati sa Tinapay

B– Kordero ng Diyos . . .

Paanyaya sa Pakikinabang

P– Ito ang Kordero ng Diyos na nag-aalis ng mga kasalanan ng sanlibutan. Mapalad ang mga inaanyayahan sa kanyang piging.
B– Panginoon, hindi ako karapat-dapat na magpatuloy sa iyo ngunit sa isang salita mo lamang ay gagaling na ako.

Antipona ng Pakikinabang

(Ipahahayag lamang kung walang awiting nakahanda.)

Sa pag-uwi sa Nazaret, si Hesus ay masigasig sa pagsunod at pag-ibig sa magulang n'yang matuwid, sina Maria at Jose.

Panalangin Pagkapakinabang

P– Ama naming mapagmahal, kaming pinapakinabang mo sa iyong piging na banal sa kapistahan ng iyong Anak na isinilang ng Mahal na Birhen ay makapamuhay nawa bilang iyong kasambahay na umuunlad sa karunungan at sa pagiging kalugud-lugod sa iyo at sa kapwa tao sa pamamagitan ni Hesuskristo kasama ng Espiritu Santo mag-

pasawalang hanggan.

B– Amen!



P– Sumainyo ang Panginoon.

B– At sumaiyo rin!

P– Pagpalain kayo ng makapangyarihang Diyos: Ama at Anak at Espiritu Santo.

B– Amen!

P– Humayo kayo sa kapayapaan upang mahalín at paglingkuran ang Panginoon.

B– Salamat sa Diyos!

Ang Tanda ng Pamana ng Ating Pananampalataya

Batid nating lahat na sina Fernando Magallanes o Ferdinand Magellan ang mga unang Kastilang nakarating sa Pilipinas noong 1521. Noon pa man ay may nahikayat na silang tumanggap sa pananampalatayang Kristiyano. Isa rito ay ang reyna ng Sugbu (Cebu) na sa araw ng kanyang binyag ay binigyan ng pangalang Juana. Bilang regalo ay ibinigay sa kaniya ang imahe ng Santo Niño. Ngunit alam nating hindi lahat ay sumuko sa mga Kastila. Napatay ni Lapu-lapu si Magallanes at kagyat na lumikas ang mga Kastila. Ilang ulit sumubok bumalik ang mga Kastila sa Pilipinas (Jofre Garcia de Loaysa, Alvaro Saavedra de Ceron, at Ruy Lopez de Villalobos). Subalit walang sinuman sa kanila ang nagtagumpay.

Ngunit noong 1559, iniutos si Haring Felipe II kay Miguel Lopez de Legazpi na pamunuan ang isang pangkat ng apat na barkong tumulak mula sa Mexico patungong Pilipinas. Malinaw ang utos ng hari: dalhin sa Pilipinas ang pananampalatayang Kristiyano. Lima ang misionerong Agustinianong sumama: P. Andres de Urdaneta, P. Diego de Herrera, P. Martin de Rada, P. Andres de Aguirre, at P. Pedro de Gamboa. Tumulak sila mula Mexico noong ika-20 ng Nobyembre 1564. Noong ika-13 ng Pebrero 1565 ay namalas na nila ang isla ng Samar. Subalit sa lahat ng kanilang pinagdaungan – Cabalian, Limasawa, Camiguin, at Butuan – ay hindi sila tinanggap ng mga Pilipino.

Noong ika-25 ng Agosto 1565 ay dumaong sila sa Sugbu. Dahil sa hindi rin sila tinanggap ng mga Pilipino ay pinaputukan ni Legazpi ang mga Pilipino at sinunog ang kanilang mga tahanan. Sa isa sa mga tahananang ito ay natuklasan nila ang imahe ng Santo Niño. Naunawaan nilang ito marahil ang iniregalo ni Magallanes kay Doña Juana, ang sultana ng Sugbu, sa araw

ng kanyang binyag. Ang imaheng ito ay tinawag na **Santo Niño de Cebu** at mula noon ay naging sagisag ito ng pananampalatayang Kristiyano sa Pilipinas.

Angkop na sagisag ng mga Pilipinong Kristiyano ang Santo Niño dahil ipinakikita nitong marami sa mga mamamayang Pilipino ay mga kabataan. Isa itong kayamanan para sa hinaharap ng ating bayan. Ngunit isa rin itong hamon. Magiging maganda ang ating hinaharap bilang bansa kung ang marami nating mga kabataan ay ating mapalalaking maayos. Sana'y tulungan tayo ng Mahal na Poong Santo Niño na mapag-aral ang ating mga kabataan at masubaybayan ang kanilang magandang paglaki.

Tulungan din sana tayo ng Mahal na Poong Santo Niño na tumibay at lumago ang ating pananampalatayang Kristiyano. Mangyayari lamang ito kapag mapapasaatin ang mga katangiang nais ni Hesus sa kanyang mga alagad. Ang una sa mga katangiang ito ay **tiwala**. Malakas ang tiwala ng isang bata sa kanyang mga magulang. Sa kanila siya tumatakbo kapag may kailangan dahil sa pananalig niyang kaya nila siyang tulungan. Ang ikalawang katangian ay **pagpapakumbaba**. Ang isang bata ay wala namang maipagmamalaki sa buhay. Ang lahat ng nasa kaniya ay galing sa kanyang mga magulang. Anumang maipagmamalaki niya ay tinanggap din niya. Ang ikatlong katangian ay **mapagpatawad**. Bihirang-bihira ang batang nagtatanim ng hinanakit at sama ng loob. Kung may makakaaway siya ay madali niya itong napapatawad at nakakasundo. Ang ikaapat na katangian ay **payak**. Ang buhay ng isang bata ay payak o simple lang. Wala siya talagang nakikitang suliranin sa buhay. Siya ay laging masaya sa kanyang paglalaro at mahimbing matulog sa gabi.



**WORD & LIFE
PUBLICATIONS**

Don Bosco Compound, A. Arnaiz Ave. cor. Chino Roces Ave., Makati, Metro Manila

Postal Address: P.O. Box 1820, MCPO, 1258 Makati, Metro Manila, Philippines

Tel. Nos. 894-5401; 894-5402; 892-2169 • Telefax: 894-5241 • Website: www.wordandlife.org

• E-mail: marketing@wordandlife.org; wordandlifepublications@gmail.com • FB: Word & Life Publications

• Editorial Team: Fr. S. Putzu, Fr. R. Lagaya, C. Valmonte, V. David, J. Domingo, A. Adsuara, D. Daguió

• Illustrations: A. Sarmiento, B. Cleofe • Marketing: Fr. B. Nolasco and T. Mojica • Circulation: R. Saldúa